

Paano ang
paggawa ng

FERMENTED

PLANT

JUICE



Organic Agriculture Program
Department of Agriculture,
Regional Field Office III
City of San Fernando, Pampanga



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng Programa sa Organikong Pagsasaka (Organic Agriculture Program)

Inihanda ng Research Division, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Organic Agriculture Program



FPJ – Fermented Plant Juice

Ang Fermented Plant Juice ay isang organikong foliar spray na madaling gawin at makapagdadag sa sustansiyang kailangan ng mga halaman upang maging mabilis at malusog ang tayo ng mga ito. ,

Kung ito ay iisprey sa mga alagang halaman ay nagpapadagdag sa likas na resistensiya ng mga tanim laban sa insekto at mga sakit.

Nagagamit din ito bilang pinaglatagan ng mga kulungan ng baboy at ibang hayop upang higit na makaakit ng mga kamumuhay (microorganisms) sa paligid ng kulungan.

A. Mga materyales

1. Gamitin ang alinman sa mga sumusunod na halaman: Kangkong, saha ng saging na tiniba, talbos ng kamoteng baging, carabao grass o damong hapon, hagonoy, alugbati, atbp.

2. Plastic na balde

3. Manila Paper

4. Plastic straw na panali

5. Pulot o asukal na pula

6. Tubig ba galing sa poso

B.Mga Hakbang sa Paggawa ng FPJ

1. Ipunin ang mga halaman na nabanggit sa umaga o bago sumikat ang araw. Ito ang mga oras na aktibo ang mga growth hormones sa mga halaman na gagamiting sangkap.

2. Gayatin at pinuhing mabuti kung walang mechanical shredder.

3. Paghaluhaluin ang mga sangkap sa ratio na 1:1:1

3 kilo na ginayat na mga halaman

3 kilo pulot o kinanaw na pulang asukal

3 litrong tubig poso

4. Ilagay ang pinaghalong mga sangkap sa plastic na balde. Mag-iwan ng 25 porsiyentong espasyo sa balde para sa pagsingaw ng hangin.

5. Takpan ng Manila paper at talian ng plastic straw. Sulatan ang Manila paper kung kalian inihanda ang FPJ.

6. Ilagay ang balde sa isang malamig at malilim na lugar sa loob ng 7 hanggang 15 araw.



Ilagay ang mga ginayat na dahon sa isang plastic na lalagyan at lagyan ng isang kilong pulot o kinanaw na asukal na pula.



Takpan ng malinis na papel ang balde na pinaglagaan at itali. Lagyan ng petsa kung kailam ginawa.

7. Anihin ang FPJ at salain sa isang sirang kulambo. Iilipat sa isang plastic na gallon. Huwag isara nang mahigpit ang pinagsalinang galon upang makasinngaw ang hangin na maiipon sa loob ng gallon.



C. Paano ginagamit

1. Maghalo ng 2 kutsarang FPJ sa isang litro ng tubig poso. Kung gagamit ng sprayer sa pagbobomba, siguraduhin na malinis ito. Sa 16 na litrong lulan ng isang sprayer maglagay ng 32 kutsara ng FPJ. Katumbas ito ng isang puno na lata ng maliit na sardinas.

2. Ibomba o iisprey ang solusyon sa mga dahon ng halaman at sa lupa.

3. Magbomba mula alas-4 hanggang alas-6 ng umaga at alas -5 naman hanggang takipsilim sa hapon. Sa mga ganitong oras aktibo ang mga kamumuhay (microorganisms) na nabubuhay sa FPJ.

3. Gamitin sa mga sumusunod:

☒ **Sa Palay:** Minsan sa isang linggo, pitong araw makalipat tanim hanggang sa nagbubuntis.



☒ **Sa Mais:** Minsan isang linggo, pitong araw pagkatubo ng mais hanggang sa pamumulaklak.